

Kwento	:	***'Si Jhun-Jhun noong bago ideklara ang batas militar'***
Manunulat	:	**Augie Rivera**
Ilustrador	:	**Brian Vallesteros**
Tagalimbag	:	**Adarna House**
URL ng Kwento	:	**http://goo.gl/0pjlZ**

Si Jhun-Jhun, NOONG BAGO IDEKLARA ANG BATAS MILITAR

Jhun-Jhun, Before Martial Law

Kuwento ni/ *Story by*
AUGIE RIVERA

Guhit ni/ *Illustrations by*
BRIAN VALLESTEROS



"Lagot ka ngayon sa akin!" bulong ni Jhun-Jhun sa sarili habang maingat nitong inaasinta ang yuping lata ng Liberty Condensada na makisig pa ring nakatayo sa gitna ng mainit na kalsada. Sa kabilang banda, balisa ang mga mata ni Danny, ang pawisang taya. Halos wala namang katinag-tinag ang iba pang mga bata. Alam nilang lahat ng tsinelas ay naipukol na sa latang pinupuntirya, at ang nag-iisang pamato na lang ni Jhun-Jhun ang tangi nilang pag-asa para ito mapatumba.

Ano ang linalaro nina Jhun-Jhun at kaniyang mga kabigan?

"Jhun-Jhuuuuuunnnn!!! Ang tsinelaaaaasssss kooool" biglang dumagundong ang boses ni Jaime, ang binatilyong kuya ni Jhun-Jhun. "Ba't ba ginamit mo na namang pamato 'yang tsinelas ko? Ang kulit mo talaga, e! Um!"

Naghagikhikan ang mga bata. Maliksing nakailag si Jhun-Jhun sa papadating na kutos ng kuya niya. "E...Kuya, wag ka nang magalit...m-me agimat kasi 'tong tsinelas mo sa tumbang preso," paglalambing ni Jhun-Jhun.

"A-anong agimat?"

"Tingnan mo, Kuya—kahit upod na 'tong tsinelas mo, malaki naman, kaya madaling makapagpatumba ng lata," patuloy pa ni Jhun-Jhun.

"A, basta. Wag na wag mo nang pakikialaman ang tsinelas ko ha! Nahuhuli tuloy ako sa mga lakad ko! Akin na nga 'yan!"

Ano ang biglang nangyari? Natapos ba nila Jhun-Jhun at kaniyang mga kaibigan ang kanilang laro?



Ano ang nararamdaman ni Jhun-Jhun para sa kaniyang Kuya Jaime?



Isa-isahin ang dating ginangawa nina Jhun-Jhun at ng kaniyang Kuya Jaime.

Pero, mula nang mamasukan sa pabrika ng sapatos ang kuya niya, lagi na lang itong may mga sariling 'lakad'. Bihira na rin silang magkita. Kung mag-abot man sila sa bahay, lagi na lang itong pagod at tila wala nang lakas na makipaglaro sa kaniya.

"Ganoon talaga, anak. Naghahanapbuhay na kasi ang Kuya mo," paliwanag ng nanay niya. "At saka, nagbibinata na siya, kaya't marami na siyang pinagkakaabalahan."

Naisip ni Jhun-Jhun: " Ano kayang pinagkakaabalahan ni Kuya Jaime? Saan kaya 'yung mga lakad niya? Bakit ayaw niya akong isama?" Maya-maya, nabuo ang isang pasiya sa mapaglarong isip ni Jhun-Jhun. "Bukas na bukas din, susundan ko si Kuya!"

Ano ang mga tanong ni Jhun-Jhun ukol sa kaniyang Kuya Jaime? Ano naman ang paliwanag ng kaniyang ina ukol sa mga 'lakad' ng kaniyang kuya?

Kinabukasan, madaling araw pa lang ay bumili na si Jhun-Jhun ng pandesal. Ipinagtimpla din niya ng kape ang kaniyang kuya. "Kuya, eto nga pala ang tsinelas mo!" mala-anghel na ngiti ni Jhun-Jhun. Agad na sinalat ni Jaime ang leeg at noo ng kapatid. "O, wala ka namang lagnat! Ba't parang ang bait-bait mo ngayon?" biro niya. Mabilis na tinungga ni Jaime ang kape. "'Nay, mauna na po ako!" paalam nito habang subo-subo ang isang maliit na pandesal. "O, Jhun-Jhun, wag kang masyadong makulit, ha," sabay kusot sa maikling buhok ng kapatid.

Ano ang ginawa ni Jhun-Jhun isang umaga na ikinagulat ng kaniyang kuya?

Nagbilang muna ng isa hanggang sampu si Jhun-Jhun bago siya lumabas ng bahay. Pagkatapos noon, tila kuting siyang bumuntot sa kaniyang kuya sa mga pasikot-sikot na kalye at eskinita.

Di nagtagal, nakarating sila sa pabrikang pinapasukan ng kuya niya. May welga pala dito—nagtipon sa labas ang mga manggagawa, nagtayo ng mumunting tolda, at nagpaskil ng iba't ibang mga plakard at karatula sa may tarangkahan.

Kitang-kita niya ang kaniyang Kuya Jaime: nakipagkamay, nakipag-usap at tila nakipagbiruan pa sa mga kasamahan niyang mas matatanda sa kaniya. *Sila na pala ang mga gustong kasama ni Kuya ngayon*, naisip ni Jhun-Jhun. Maya-maya, natanaw niyang papaalis na ang Kuya niya at ilang mga kasama. Lahat sila ay may dala-dalang mga pulang bandera. "Saan naman kaya ngayon ang lakad?"

Ano ang ginawa ni Jhun-Jhun at ano ang nalaman niya ukol sa kaniyang Kuya Jaime? Ano ang bagong pinagkakaabalahan nito?

Naglakad sila nang naglakad sa matinding sikat ng araw hanggang makarating sila sa Mendiola. Kasalukuyan palang may rali. Nanlaki ang mga mata ni Jhun-Jhun nang makitang punong-puno ng mga tao ang kalsada. Naglipana rin ang iba't ibang mga bandera at telang may nakasulat na mga pulang letra: "Ibagsak!" "Marcos Diktador!" "US-Imperyalismo, Salot ng Mundo!!"

May mga nagsisigawan din ng "Makibaka! Huwag matakot!" habang nakatikom ang mga kamao at tila sumusuntok paitaas. Sa labis na pagkamangha sa mga pangyayari, nawala tuloy sa paningin ni Jhun-Jhun ang kuya niya.

*They walked and walked under the intense heat of the sun until they reached Mendiola. There was a rally. Jhun-Jhun's eyes widened when he saw all the people on the street. All around them were banners with red letters saying: "*Ibagsak! *" or "*Marcos, Diktador! *" or "*US-Imperyalismo, Salot ng Mundo! *"*

*People were shouting "*Makibaka! Huwag matakot! *" with clenched fists thrusting upwards. In his awe, Jhun-Jhun lost sight of his* kuya.

Saan nakarating si Jhun-Jhun at ano ang kaniyang mga nasaksihan?



Nagpalinga-linga si Jhun-Jhun. Panay hindi niya kilala ang mga pawisang mukha sa paligid niya. "Kuya! Kuya Jaime!" ang paulit-ulit niyang sigaw. Ngunit nalunod lang ang boses niya ng nakabibinging sigawan at kantahan ng mga tao. Nagpumilit siyang sumiksik upang hanapin ang kuya niya ngunit ang natanaw niya'y barikada ng mga mamang may makikintab at bilugang mga sombrero.

Isalaysay ang naramdaman ni Jhun-Jhun sa yugtong ito ng kuwento.

Walang ano-ano'y, may narinig siyang mga putukan. Nabulabog ang mga tao. Nagtakbuhan sa iba't ibang direksyon. Naitulak si Jhun-Jhun sa may bangketa.

May nagliparang mga bato. May mga boteng nabasag. May puting usok din na kumalat sa buong paligid—tila maanghang pa nga ang usok, mahapdi sa mga mata at nakauubo. Sa magkahalong takot at pagkalito, gumapang si Jhun-Jhun at nagtago sa ilalim ng isang pulang telang nakalugmok sa kalsada.

Dinig na dinig pa rin niya ang mga sigawan at putukan. Bigla ring nag-amoy gasolina ang hangin. Maya-maya, may naramdaman siyang lagaslas ng tubig sa likod niya. Pero alam niyang hindi ulan 'yon. Dahil ang naririnig niya ay tunog ng hose ng bumbero, tulad noong minsang nagkasunog sa looban.

Ano ang nangayari sa Mendiola? Sino ang mga 'mamang may makikintab at bilugang mga sumbrero', at ano ang kanilang ginawa sa mga raliyista?



Di nagtagal, unti-unting tumahimik ang buong paligid. "Pagbilang ko ng sampu, sakà ako lalabas dito ...isa, dalawa, tatlo, apat, lima, anim, pito, walo, siyam... sampu!"

Nagulantang si Jhun-Jhun sa eksenang tumambad sa kaniya: wala nang katao-tao sa basang kalsada. Ang naiwan na lang ay mga bato, basag na bote, mga plakard, mga tela, at mga tsinelas! Sandamukal na mga tsinelas—para bang may libo-libong taong naglaro doon ng tumbang preso!

Napansin niyang nawawala ang kaniyang kanang tsinelas. Kaya't sinubukan niya itong hanapin sa mga nakabulagtang tsinelas sa kalsada. Ngunit hindi niya inaasahan ang kaniyang nakita—ang paborito niyang pamato—at hindi siya maaaring magkamali: ang kaliwang tsinelas ng kuya niya!

Ano ang mga sumunod na nangyari? Ano ang nakita ni Jhun-Jhun?

Nang gabing iyon, matiyagang naghintay si Jhun-Jhun sa Kuya Jaime niya ngunit hindi ito umuwi. Halos dasalan na ng Nanay niya ang lumang transistor habang hinihintay ang balita tungkol sa raling naganap.

Kinaumagahan, dumating sa bahay nila ang mga kasamahan ng kuya niya sa pabrika. Ayon sa kanila, isa raw si Jaime sa mga bigla na lang 'nawala' matapos bulabugin ng mga Metrocom ang rali sa Mendiola. Wala raw silang balita kung saan na ito napadpad. Maaaring nakulong. Maaaring nagtago. Walang nakaaalam. Napahagulhol na lang ang nanay ni Jhun-Jhun habang mahigpit ang yakap sa bunsong anak.

Isalaysay ang emosyon ang naramdaman ni Jhun-Jhun at ng kaniyang ina.



Nagpasiya ang nanay ni Jhun-Jhun na bisitahin nila ang iba't ibang mga kampo ng militar. Doon, ipinagtanong nila kung napasama ba sa mga nakulong ang kaniyang Kuya Jaime. Ngunit wala silang nakuhang kasagutan.

Lumipas pa ang ilang araw, linggo, at buwan, ngunit hindi pa rin umuuwi ang kuya ni Jhun-Jhun. "Nay, kung nakita ko sana si Kuya...naisama ko siyang nagtago sa ilalim ng bandera," panlulumo ni Jhun-Jhun. "Wag mong sisihin ang sarili mo, anak," buntong-hininga ng Nanay niya. "Wag tayong mawawalan ng pag-asa. Uuwi rin ang kuya mo."

Ano ang kanilang ginawa upang mahanap si Jaime?



Sa paglipas ng mga araw, bihira nang makipaglaro si Jhun-Jhun ng tumbang preso. Nagbebenta na kasi siya ng diyaryo sa umaga at nilagang saging na saba sa hapon.

Noong mga panahong iyon, nagkasunod-sunod pa ang malalaking rali at kilos-protesta sa iba't ibang bahagi ng lungsod. Kahit tutol ang kaniyang nanay, lihim pa ring dumadalo sa mga ito si Jhun-Jhun— na suot-suot ang kaliwang tsinelas ng kuya niya.

Ano ang naging pagbabago sa buhay ni Jhun-Jhun matapos ang nangyayari sa kanyang Kuya Jaime sa Mendiola?